


# Ang Pamumuhay sa Taiwan
# Mga bagay na dapat bigyan pansin

民間人口販運防制監督聯盟
The goals of Anti Human Trafficking Alliance Watch



2025.05

# Ang pagbebenta o pagpapahiram ng iyong (atm) bank account sa iba ay maaaring maturingan ka na isa ka sa kasabwat sa mga grupo ng panloloko !




Maaari kang mahatulan ng hukuman nang 7 taong pagkabilanggo at magbabayad ng multa sa halagang NT$5 Milyon sa pagpapagamit ng iyong account sa mga grupo ng scammer, at mawawalan ng bisa ang permisong makapagtrabaho sa Taiwan.

民間人口販運防制監督聯盟
The goals of Anti Human Trafficking Alliance Watch



# *Huwag ibahagi ang iyong Social Media account at Password kahit kaninuman!*

- **Ang iyong Social media o Website account at password ay isang napakahalagang personal na impormasyon , hanggat maaari ay huwag ibigay maging sa sariling kapamilya, kapartner o kanino man.**
- **Ang tiwala sa pagsasama ay di nakukuha sa pamamagitan ng pagbabahagi ng personal na account at password. Maraming magkasintahan o mag-asawa na matapos magkaroon ng alitan at pagtatalo ay humahantong sa paghihiwalay ng dahil sa pagbabahagi ng atm account.**
- **At sakaling naibahagi mo na ang iyong atm account at password sa iba, ang "two-step authentication" ay kadalasan ay hindi na maactivate o magagamit, at mas madaling mahahack ng mga hackers.**
- **Ang pinakamabisang paraan upang maiwasan ang mga ganitong insidente ay huwag ibahagi ang mga account sa website o social platform kahit kanino.**








# Huwag pumirma kung hindi ka sigurado sa nilalaman ng mga dokumento!

- **Kahit sa anumang sitwasyon, sakaling hindi ka nakakasiguro sa nilalaman ay huwag pumirma dahil may karapatan kang malaman ang nakasaad. Maari kang humiling na dapat nakasulat sa dalawang klaseng wika ang mga dokumento, at kung maaari ay imungkahi na makuhanan ng litrato ang mga nilagdaang dokumento .**
- **Hanngga't may nakasulat kamay na pattern o teksto sa dokumento ay maaring ituring na sang-ayon ka sa nakasaad sa dokumento at maaring ituring na isang pagpirma. Ang pagpirma ay isang legal na responsibilidad at may legal na bisa.**
- **Kapag sapilitan kang papirmahin, subukan tumawag sa pulisya o humingi ng legal na tulong sa mga kinauukulan.**



民間人口販運防制監督聯盟
The goals of Anti Human Trafficking Alliance Watch

# Mag-ingat sa mga Shopping Scam!

- **Kapag mamimili sa online shopping, hangga't maaari ay bumili ng mga pisikal na bagay , at bigyan pansin kung tunay o lehitimo ang mga nagbebenta.**
- **Kapag may babayaran na aytem na kukunin sa mga convenience store ay pansinin kung tama ang presyo. Kung sakaling sa tingin mo ay may problema, ay maaari mong ikansela at huwag bayaran.**
- **Kapag kukunin ang mga aytem sa tindahan, buksan ang kahon na nakaharap sa surveillance camera, sakaling may problema, maaari mong ipaalam sa bantay ng tindahan na tulungan kang ipahinto o isuspinde ang bayad.**

**Maaring gumamit ng software sa pagsasalin tulad ng google upang makatulong sa pagkomunikasyon**



# *Humanap ng legal na ahensya kung nais humiram o mangutang!*

- **Anumang pautang ay dapat bayaran, kung nais mong mangutang ay humanap ng legal na ahensya ng nagpapautang, ang halagang ipapautang ay ibinabase sa halaga ng bagay na iyong ikokolateral.**
- **Kapag matapos makuha ng mga walang prinsipyong operator ang iyong personal na account o impormasyon na ginamit sa pamamagitan ng illegal na pagpapautang, maaari nilang gamitin ito sa masamang paraan, o sa kriminal na Gawain, maaaring pareho kayong magkakaroon ng pananagutan at masesentensyahan.**







# Huwag magpapadala ng mga pribadong larawan o video

- Huwag ibibigay kahit kanino ang mga larawang nakahubad o imahe ng mga gawaing sekswal. Maaaring mangangako ang mga taong iyon na hindi ilalabas o maninigurong hindi ikakalat ang mga pribadong larawan upang ikaw ay mapaniwala at malinlang. Ngunit sa sandaling naibigay na ang mga larawan ay doon na mag-uumpisa ang panganib, maaaring idaan sa pamamagitan ng pagblackmail, pananakot, doxxed, panghaharass o pagbenta ng mga larawan upang kumita.
- Sa sandaling naikalat na ang mga larawan, ay mahirap na itong maalis o matanggal sa loob ng internet, at makakaapekto at magpapahirap sa iyong buhay.



# Kapag nakaranas ng sekswal na karahasan, magkaroon ng lakas ng loob na humingi ng tulong!

- **Karamihan sa mga gumagawa ng sekswal na karahasan ay mga taong kilala mo, at kadalasan ay susubukan muna nila ang iyong magiging reaksyon. Kapag naramdaman mong hinihipuan ka na sa iba't ibang paraan, at hindi na komportable sa iyong pakiramdam , kinakailangan mong magsalita upang pigilan o maaaring kang magsabi sa pinagkakatiwalaan mong tao.**
- **Kapag ikaw na mismo o mga kamag-anak o kaibigan na ang nakaranas ng karahasan, maaaring tumawag at kumonsulta sa 113 proteksyong hotline. ( Nagbibigay sila ng serbisyo para sa pagsasalin sa limang wika kabilang ang ingles, Vietnamese, Indonesian, Thai at wikang Hapon), Kapag nasa tunay na panganib, agad dumayal ng 110 upang humingi ng tulong sa mga pulis.**



民間人口販運防制監督聯盟
The goals of Anti Human Trafficking Alliance Watch

# Huwag maniwala Kapag :
# Kinakailangan munang magbayad upang mabigyan ng pagkakataon na makalipat ng trabaho maging sa loob o labas ng bansa.

- Ang mga migranteng manggagawa ay maaring makatagpo ng mga ahensya, kababayan o mga ibang taong magsasabing : [Magbayad muna, saka kita tutulungan makahanap ng trabaho o kaya ay magbibigay ng impormasyon ng mga amo].
- Sa mga ganitong klaseng ahensya ay wala kang kasiguraduhan at maaari kang maloko. Mangyaring gumamit ng mga libreng opisyal na channel gaya ng website ng Ministry Of Labor at mga lokal na opisyal na serbisyo sa paghahanap ng trabaho upang magkaroon ng kasiguraduhan.



# Kung may legal na isyu, mangyaring makipag-ugnayan sa Legal Aid Foundation.

Nagbibigay na legal na payo at maaaring mag-aplay para sa serbisyo ng legal na abogado.

**Pambansang hotline ng para sa legal na tulong**

**Numero ng telepono :**

# 412-8518

**Kapag gamit ang selpone sa pagtawag sa landline ay magdagdag ng 02 sa unahan**




Opisyal website ng legal aid : www.laf.org.tw

# 民間人口販運防制監督聯盟

## The goals of Anti Human Trafficking Alliance Watch

### Nagmamalasakit

財團法人法律扶助基金會
Legal Aid Foundation

新事社會服務中心
RERUM NOVARUM CENTER

GWO
台灣外籍工作者發展協會
Global Workers' Organization, Taiwan

婦女救援基金會
Taipei Women's Rescue Foundation

ecpat TAIWAN
台灣展翅協會

群眾
桃園市群衆服務協會
Serve the People Association

財團法人天主教善牧社會福利基金會
GOOD SHEPHERD SOCIAL WELFARE FOUNDATION

台灣國際器官移植關懷協會
Taiwan Association for International Care of Organ Transplants

天主教新竹教區
CATHOLIC HSINCHU DIOCESE
越南移工移民辦公室
移民及外勞服務中心
天主教希望職工中心

跨界深耕
社團法人屏東縣
好好婦女權益發展協會

勵馨基金會
The Garden of Hope Foundation

數位女力聯盟
WOMEN IN DIGITAL INITIATIVE

台灣人權促進會
Taiwan Association for Human Rights

YMFU
宜蘭縣漁工職業工會
Yilan Migrant Fisherman Union

社團法人
台灣防暴聯盟
Taiwan Coalition Against Violence

Miembro ng Alyansa